CommonSpirit

## COMMONSPIRIT HEALTH
## Buod ng Patakaran sa Tulong sa Pananalapi

Ang CommonSpirit Health, ay nakatuon sa paggawa ng mas malusog na mga komunidad sa pamamagitan ng pagbibigay ng sa mga taong may mga pangangailangan sa pangangalaga ng kalusugan at walang seguro, kulang sa seguro, hindi karapat-dapat para sa programa ng gobyerno, o walang kakayahang magbayad. Ang pagtataguyod para sa mahihirap at nangangailangan ay ang aming misyon at pasyon. Inilalarawan ng Buod na ito ang tulong sa pananalapi na magagamit para makatulong sa pagbabayad sa mga serbisyong medikal na kinakailangan na ibinibigay ng Mga Ospital ng CommonSpirit Health sa mga pasyente na nakasasapat sa ilang rekisito sa kinikita.

**Libreng Pangangalaga:**

- Kung ikaw ay walang seguro o kulang sa seguro na may kinikita ng pamilya na hanggang sa 200% ng Federal Poverty Level, maaaring karapat-dapat ka na makatanggap ng 100% na diskwento mula sa iyong balanse para sa mga karapat-dapat na serbiso ng ospital.

**Diniskuwentong Pangangalaga:**

- Kung ikaw ay walang seguro o kulang sa seguro na may taunang kinikita ng pamilya sa pagitan ng 201-300% ng Federal Poverty Level, maaaring karapat-dapat ka na makatanggap ng 75% na diskwento mula sa iyong balanse para sa mga karapat-dapat na serbiso ng ospital.
- Kung ikaw ay walang seguro o kulang sa seguro na may taunang kinikita ng pamilya na nasa pagitan ng 301-400% ng Federal Poverty Level, maaaring karapat-dapat ka na mabawasan ang iyong balanse para sa serbisyo ng ospital hanggang sa Mga Halaga na Karaniwang Sinisingil (Amount Generally Billed, AGB) na isang halagang itinakda sa ilalim ng batas pederal na sumasalamin sa halagang babayaran sa ospital ng mga pribadong tagaseguro sa kalusugan at ng Medicare (kasama ang mga co-pay at ibabawas) para sa mga serbisyong medikal na kinakailangan.

**Pagkakarapat-Dapat:**
Ang tulong ay inaalok sa mga may taunang kinikita ng pamilya na nabibilang sa mga kategorya sa itaas at mayroong:

- Balanse ng account na may kabuuang sampung ($10.00) dolyar o higit pa;

- Pinunan ang isang Aplikasyon sa Tulong sa Pananalapi at nagbigay ng sumusuportang dokumentasyon upang mapatunayan ang kinikita.

TANDAAN: Sa ilang mga kaso, ang mga pasyente ay maaaring gawaran ng tulong sa pananalapi nang walang pormal na aplikasyon. Ang mga detalye ay nakabalangkas sa Patakaran sa Tulong sa Pananalapi.

CommonSpirit

**Mga bayarin na sisingilin sa mga karapat-dapat na pasyente para sa tulong sa pananalapi:**

Kung ikaw ay karapat-dapat para sa tulong sa pananalapi sa ilalim ng aming Patakaran sa Tulong sa Pananalapi, hindi mo kakailanganin na magbayad ng higit sa Mga Halaga na Karaniwang Sinisingil na inilarawan sa itaas.

Hindi mo kailanman kakailanganin na gumawa ng paunang bayad o iba pang mga areglamente sa pagbabayad para makatanggap ng pang-emergency na serbisyo.

**Handa nang gawin ang sunod na hakbang?**
Punan ang aplikasyon at isumite ito sa Eligibility and Enrollment Services.

Ang Patakaran sa Tulong sa Pananalapi, Aplikasyon para saTulong sa Pananalapi, at ang Buod na ito ay makukuha sa https://www.commonspirit.org/patient-resources/financial-assistance, sa wikang Ingles at Espanyol. Para makatanggap ng libreng kopya ng mga dokumentong ito sa pamamagitan ng koreo o nang personal, para makatanggap ng tulong sa pagsagot sa aplikasyon, o para humiling ng libreng kopya ng mga dokumentong ito na isinalin sa isang wikang hindi inilarawan sa itaas, makipag-ugnayan sa:

CommonSpirit Health Financial Assistance
PO Box 5096
Fredericksburg, VA 22403

Phone: 866-221-0461
Fax: 1-269-202-5498

**Ang mga dokumentong ito ay makukuha rin sa Emergency Room, kung mayroon nito, at sa mga lugar ng pagpasok sa ospital na matatagpuan malapit sa pangunahing pasukan (sundan ang mga karatula papunta sa "Admitting" o "Registration"). Mayroong mga tagapayong pinansyal upang sagutin ang mga katanungan, magbigay ng impormasyon tungkol sa aming Patakaran sa Tulong sa Pananalapi at tulungan kang magabayan sa proseso ng aplikasyon para sa tulong sa pananalapi. Maaari ka rin bigyan ng mga Tagapayong Pinansyal ng impormasyon tungkol sa porsiyento ng AGB ng Pasilidad ng Ospital at kung paano kinakalkula ang mga porsiyento ng AGB. Ang aming kawani ay matatagpuan sa lugar ng Admitting ng ospital at matatawagan sa numero ng telepono na nakalista sa itaas.**